



愛川町
AIKAWA TOWN

Gabay sa Pamumuhay ng Aikawamachi 2025

Tagalog



Pagpapalano at Produksyon

Residents Collaboration Division, General Affairs Department, Aikawamachi

Gabay sa Pamumuhay ng Aikawamachi 2025

Ang impormasyong nakasaad sa "Gabay sa Pamumuhay ng Aikawamachi 2025" ay batay sa datos noong Agosto 2025.

Maaaring magbago ang nakasaad na impormasyon.

Kung may hindi ka maunawaan tungkol sa mga nakasaad na impormasyon, makipag-ugnayan sa naturang dibisyon.



Pag-edit at Paglathala :
Residents Collaboration Division, General Affairs Department, Aikawamachi

Numero ng telepono : 0462-85-6937

Inilathala noong Disyembre 2025

Gabay sa Pamumuhay

ng Aikawamachi

2025

Talaan ng mga Nilalaman



1 Emerhensiya at Sakuna

1-1	Pag-uulat sa Pulisya, Bumbero, o Serbisyong Pang-emerhensiya ...	1
1-2	Kapag Nagkasakit sa Gabi o sa Holiday	1
1-3	Paghahanda para sa Sakuna	2
1-4	Lindol	2
1-5	Bagyo at Malakas na Ulan	2
1-6	Impormasyon sa Paglikas	2

2 Katayuan ng Paninirahan at Residence Card

2-1	Katayuan ng Paninirahan	3
2-2	Residence Card	3
2-3	Pagbibigay ng Residence Card	3
2-4	Proseso ng Residence Card	4
2-5	Kapag may Ipinanganak na Bata	4
2-6	Re-entry Permit	5
2-7	Konsultasyon sa Proseso	5

3 Proseso at Notipikasyon

3-1	Paglipat ng Tirahan (Moving-in, Moving-out, Relocation) ...	6
3-2	Family Register (Kapanganakan, Pagkamatay, Kasal, at Diborsyo) ...	8
3-3	Sistema ng My Number at My Number Card	9
3-4	Certificate of Residence	10
3-5	Serbisyo ng Pag-isyu sa Convenience Store	10

4 Pamumuhay

4-1	Suplay ng Tubig	11
4-2	Basura	12
4-3	Tirahan	12
4-4	Resident's Association	12

5 Consultation Desk para sa mga Dayuhan

5-1	Support Concierge Service para sa mga Dayuhan	13
5-2	Lecture para sa Mga Dayuhang Residente	13
5-3	Consultation Desk sa Domestic Violence Para sa mga Kababaihan ...	13

6 Insurance

6-1	Health Insurance	14
6-2	National Health Insurance	14
6-3	Sistema ng Late-stage Elderly Medical Insurance	14
6-4	Pangunahing Benepisyo ng Health Insurance	14
6-5	My Number Health Insurance Certificate	15
6-6	Long-Term Care Insurance	15

7 Pensyon

7-1	Employees' Pension	16
7-2	Japanese National Pension	16
7-3	Mga Uri ng Pensyon na Maaaring Matanggap	16
7-4	Lump-sum Withdrawal Payment	16

8 Kapakanan

8-1	Kapakanan para sa mga Matatanda, May Kapansanan, Single-parent Family ...	17
8-2	Sistemang Makakatulong sa mga Taong Nahihirapan sa Pamumuhay ...	17

9 Buwis

9-1	Income Tax	18
9-2	Residence Tax	18
9-3	Fixed Property Tax	18
9-4	Buwis sa Sasakyan	18
9-5	Kapag Hindi Ka Makabayad ng Buwis Bago ang Deadline ...	18
9-6	Tax Certificate	18

10 Pagbubuntis, Pagnganganak, at Pag-aalaga ng Bata

10-1	Kapag Nagbubuntis	19
10-2	Serbisyo ng Suporta para sa Pagbubuntis, Panganganak, at Pag-aalaga ng Bata ...	19
10-3	Kapag May Ipinanganak na Bata	20
10-4	Kalusugan ng Ina at Bata	21
10-5	Serbisyo ng Home Visit Support	21
10-6	Konsultasyon at Pakikipag-ugnayan	22

11 Childcare Services at Edukasyon

11-1	Pasilidad ng Childcare Services	23
11-2	Pansamantalang Childcare	23
11-3	Paaralan at Edukasyon	24
11-4	Suporta sa Pag-aaral para sa mga Batang may Koneksyon sa Dayuhang Bansa ...	24

12 Employment at Labor

12-1	Kapag Nais Mong Maghanap ng Trabaho	25
12-2	Konsultasyon Kapag may Problema sa Trabaho	25

13 Mga Patakaran sa Trapiko

13-1	Bisikleta	26
13-2	Mga Sasakyan at Motorsiklo	27

14 Mga Pasilidad at Pagpapalaganap ng Impormasyon sa Aikawamachi

14-1	Mga Pasilidad at Liaison Office sa Aikawamachi	28
14-2	Mga Library at Sports Facility	28
14-3	Pagpapalaganap ng Impormasyon	29
14-4	Multicultural Coexistence	29

1 Emerhensiya at Sakuna

1-1 Pag-uulat sa Pulisya, Bumbero, o Serbisyong Pang-emerhensiya

Kapag may emerhensiya, tumawag sa bumbero o pulisya.
Ang linya ng telepono ay available nang 24 oras.

Kapag may biglaang sakit o injury, o kapag may sunog **Tumawag sa ▶ 119** "119" ang numero ng telepono ng bumbero.

Kapag may sakit o injury, ipaalam na **"May emerhensiya (Kyukyu desu)"**.

Kapag may **sunog**, ipaalam na **"May sunog (Kaji desu)"**.

*Paano tumawag ng ambulansya
(Fire and Disaster Management Agency) >



Kapag may aksidente o insidente **Tumawag sa ▶ 110** "110" ang numero ng telepono ng pulisya.

Ipaalam sa pulisya kung anong nangyari, kailan ito nangyari, at saan ito nangyari.

Multilingual Translation Services sa panahon ng emerhensiya (119)

Kapag tumawag ka sa 119, maaari kang makipag-usap sa isang interpreter.



Wika

(kasalukuyang impormasyon noong Oktubre 2025)

- English
- Chinese
- Korean
- Thai
- Vietnamese
- Indonesian
- Tagalog
- Nepali
- Portuguese
- Spanish
- German
- French
- Italian
- Russian
- Malay
- Burmese
- Khmer
- Mongolian
- Sinhala
- Hindi
- Bengali
- Urdu

Makipag-ugnayan sa

Fire Defense Division **Telepono ▶ 046-285-3131**

1-2 Kapag Nagkasakit sa Gabi o sa Holiday

Kapag nagkasakit ka sa gabi o sa holiday, maaari kang pumunta sa sumusunod na klinika.
Tumawag muna bago pumunta.

Atsugi City Holidays and Nights Emergency Clinic (Medical Center)

Address 1-16-45 Mizuhiki, Atsugi-shi, Kanagawa Prefecture

Telepono 046-297-5199

Medical specialties Internal Medicine at Pediatrics

Oras

Lunes - Biyernes: 7:00 am - 9:30 pm Sabado: 6:00 am - 9:30 pm

Linggo, Holidays, Year-End/New Year: 9:00 am - 11:30 am, 2:00 pm - 4:30 pm, 6:00 pm - 9:30 pm

1 Emerhensiya at Sakuna

1-3 Paghahanda para sa Sakuna

Madalas magkaroon ng lindol sa Japan. Dumarami rin ang mga sakuna tulad ng bagyo at malakas na ulan. Upang maprotektahan ang sarili mula sa mga natural na sakuna, mahalagang isipin ang paghahanda laban sa sakuna at maging handa araw-araw.

Multilingual Functional Fire Brigade ng Aikawamachi

Ang Aikawamachi ay may "Pamphlet para sa Pag-iwas sa Sakuna" para sa mga dayuhang residente. Pakibasa ang pamphlet na ito at maghanda para sa sakuna.

Wika

- Portuguese
- Vietnamese
- Tagalog
- Spanish
- Khmer
- English

Multilingual Functional
Fire Brigade >
ng Aikawamachi



Maaari ka ring makakuha ng pamphlet sa sumusunod na lugar

- Aikawa Town Hall
- Ladies Plaza
- Restaurant TIKI
- at La Miel de Aikawa

1-4 Lindol

Hindi natin alam kung kailan o saan magaganap ang lindol. Maghanda para sa malalakas na lindol sa pamamagitan ng paghahanda ng mga kinakailangang bagay para sa pamumuhay (mga kagamitan pang-emerhensiya), at pag-usapan sa pamilya kung saan kayo lilikas at ang inyong paraan ng komunikasyon.



1-5 Bagyo at Malakas na Ulan

Kapag may bagyo o malakas na ulan, may panganib na magkaroon ng sakunang pagbaha o pagguho ng lupa. Gumamit ng website, app, atbp. upang makakuha ng tamang impormasyon tungkol sa panahon at sakuna.



Kanagawa Prefecture Disaster Information Portal
(multilingual)



Safety tips

Ang app na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa lindol at bagyo. Bukod sa Japanese, maaaring gamitin sa app na ito ang iba pang 14 na wika.

iPhone



Android



1-6 Impormasyon sa Paglikas

Ang impormasyon sa paglikas ay nagpapahiwatig ng antas ng panganib ng isang sakuna at ang mga kaukulang aksyon na dapat isagawa ng mga residente, gamit ang scale mula **Level 1 hanggang Level 5**.

Kapag kinailangan lumikas ng mga residente, ang Aikawamachi ay magbibigay ng impormasyon sa paglikas.

Maging handa upang makalikas anumang oras.

Impormasyon sa Paglikas

*Kasalukuyang impormasyon noong Mayo 2021

Alert Level	
5	Emergency Safety Measures Kumilos upang maprotektahan ang inyong buhay.
<<<< Siguraduhing lumikas bago umabot sa Alert Level 4! >>>>	
4	Mga utos sa paglikas Lumikas ang lahat mula sa mga delikadong lugar.
3	Paglikas para sa mga matatanda at iba pang nangangailangan ng tulong Ang mga matatanda, may kapansanan, at iba pang nangangailangan ng tulong ay dapat lumikas.
2	Babala sa malakas na ulan, pagbaha, at daluyong Bantayan nang mabuti ang impormasyon sa panahon.
1	Maagang babala Alamin ang mga lugar na paglilikasan.

2 Katayuan ng Paninirahan at Residence Card

2-1 Katayuan ng Paninirahan

Ang katayuan ng paninirahan ay isang kwalipikasyong kinakailangan ng mga dayuhan upang sila ay makibahagi sa mga aktibidad sa Japan. Tanging ang mga taong pinahihintulutan ng katayuan ng paninirahan lamang ang maaaring magtrabaho sa Japan. Hindi maaaring magtrabaho o magsagawa ng anumang aktibidad sa labas ng saklaw ng katayuan ng paninirahan.

May mga limitasyon sa trabaho	Diplomat; Official; Professor; Artist; Religious Activities; Journalist; Highly Skilled Professional; Investor/Business Manager; Legal/Accounting Services; Medical Services; Researcher; Instructor; Engineer/Specialist in Humanities/International Services; Intra-company Transferee, Care Worker; Entertainment; Skilled Worker; Specified Skilled Worker; at Technical Intern Training
Walang limitasyon sa trabaho	Permanent Resident; Spouse or Child of Japanese National; Spouse or Child of Permanent Resident; at Long-Term Resident
Maaaring magtrabaho nang may pahintulot	Designated Activities
Hindi maaaring magtrabaho	Cultural Activities; Temporary Visitor; Student; Trainee; at Dependent

*May mga eksepsyon. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa Tokyo Regional Immigration Services Bureau

2-2 Residence Card

Ang residence card ay ibinibigay sa mga dayuhang mananatili sa Japan nang tatlong buwan o higit pa. Nakasaad dito ang pangalan, nasyonalidad, katayuan ng paninirahan, panahon ng pananatili, atbp. **Ang residence card ay ang identification card ng dayuhang naninirahan sa Japan. Kailangan lagi itong dala ng mga taong 16 taong gulang pataas.**

Mga aktibidad na maaaring gawin sa Japan

Mga limitasyon sa trabaho

Ipinapakita ang litrato ng mukha ng taong 16 taong gulang pataas

Susulatan kapag lumipat ng tirahan

Panahong maaaring manatili sa Japan

Harap


Likuran

2-3 Pagbibigay ng Residence Card



Para sa mga taong natanggap na ang kanilang residence card sa airport

Kung natanggap mo na ang iyong residence card sa airport pagkarating sa Japan, **pagpasyahan kung saan ka titira at magsumite ng "Moving-in Notification" sa Aikawa Town Hall sa loob ng 14 araw.** Dalhin mo ang iyong passport at residence card.



Para sa mga taong hindi natanggap ang kanilang residence card sa airport

Pagpasyahan kung saan ka titira, dalhin mo ang iyong passport sa loob ng 14 araw, at magsumite ng "Moving-in Notification" sa Aikawa Town Hall. Kalaunan, ipapadala ang iyong residence card sa pamamagitan ng koreo.

2 Katayuan ng Paninirahan at Residence Card

2-4 Proseso ng Residence Card

Kapag lumipat ng tirahan

Saan mag-a-apply Aikawa Town Hall Residents Affairs Departmen

Hanggang kailan **Sa loob ng 14 araw** mula nang lumipat ng tirahan

Mga kinakailangang bagay Residence card; Moving-out Certificate; mga dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan (passport, My Number Card, atbp.); at mga dokumentong nagpapatunay ng iyong ugnayan sa pamilya (Marriage Certificate, Birth Certificate) *Pakisalin ito sa Japanese.

Kapag nagbago ang impormasyon bukod sa tirahan

Saan mag-a-apply Kawasaki Branch Office, Yokohama District Immigration Office

- 1 Pag-renew ng **panahon ng pananatili**
 - ▶ **Mula tatlong buwan** bago matapos ang panahon ng pananatili
- 2 Pagbabago ng **katayuan ng paninirahan**
 - ▶ **Bago matapos** ang panahon ng pananatili
- 3 **If taking up permanent residence in Japan**
- 4 **Kapag nagbago ng pangalan, nasyonalidad, rehiyon, atbp**
 - ▶ **Sa loob ng 14 araw**
- 5 Kapag **nagdiborsyo o namatay ang asawa**
 - ▶ **Sa loob ng 14 araw**
- 6 **Kapag nawala mo ang iyong residence card**
 - ▶ **Sa loob ng 14 araw**

*Ang mga kinakailangan dokumento para sa proseso ay naiiba depende sa katayuan ng paninirahan. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan dito.

2-5 Kapag may Ipinanganak na Bata

Kapag ang isang batang may dayuhang nasyonalidad at ipinanganak sa Japan ay mananatili sa Japan nang matagal, kailangan kumuha ng katayuan ng paninirahan para sa bata.

1. Magsumite ng **"Notification of Birth"** sa Aikawa Town Hall (Residents Affairs Department).

Hanggang kailan

Sa loob nang 14 araw, kabilang ang araw na ipinanganak ang bata



2. Gawin ang proseso ng pagkuha ng **katayuan ng paninirahan para sa bata.**

Hanggang kailan

Sa loob ng 30 araw mula nang ipinanganak ang bata

Saan

Kawasaki Branch Office, Yokohama District Immigration Office

*Para sa mga kinakailangang dalhin na bagay, makipag-ugnayan dito.

Makipag-ugnayan

Yokohama District Immigration Office

Address 10-7 Torihama-cho, Kanazawa-ku, Yokohama-shi, Kanagawa Prefecture

Telepono 0570-045259 (IP phone/mula sa ibang bansa: 045-769-1729)

Oras 9:00 am - 4:00 pm (maliban sa Sabado, Linggo, at holiday)

Kawasaki Branch Office, Yokohama District Immigration Office

Address Kawasaki West Joint Government Bldg., 1-3-14 Kamiaso, Aso-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa Prefecture

Telepono 044-965-0012

Oras 9:00 am - 4:00 pm (maliban sa Sabado, Linggo, at holiday)

2 Katayuan ng Paninirahan at Residence Card

2-6 Re-entry Permit

Ito ay prosesong kailangan kapag aalis at muling babalik sa Japan.

Kung babalik sa Japan sa loob ng isang taon, hindi kailangan ng prosesong ito.

Kung aalis sa Japan nang higit sa isang taon

Bago umalis ng Japan, kumuha ng re-entry permit.

Kung umalis ka ng Japan nang hindi kumuha ng re-entry permit, magiging invalid ang iyong kasalukuyang katayuan ng paninirahan.

Ang re-entry permit ay valid hanggang sa maximum na limang taon (anim na taon sa ilang kaso)

Saan mag-a-apply Kawasaki Branch Office, Yokohama District Immigration Office

Kung babalik sa Japan sa loob ng isang taon

Hindi kailangan kumuha ng re-entry permit.

Kapag aalis ng Japan, ipakita ang iyong passport at residence card sa airport.

2-7 Konsultasyon sa Proseso

Maaari kang kumonsulta **tungkol sa pagpasok sa bansa at proseso para sa paninirahan** sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, pagpunta sa tanggapan, o sa email.

Foreign Residents Information Center (Yokohama)

Address 10-7 Torihama-cho, Kanazawa-ku, Yokohama-shi, Kanagawa Prefecture

Telepono 0570-013904
*IP phone o mula sa ibang bansa: 03-5796-7112

Oras Lunes - Biyernes, 8:30 am - 5:15 pm

Email info-tokyo@i.moj.go.jp (Japanese, English)

Wika

- Japanese
- English
- Chinese
- Korean
- Spanish
- Portuguese
- Vietnamese
- Thai
- Sinhala
- Nepali
- Burmese

Maaari kang kumonsulta **tungkol sa katayuan ng paninirahan at proseso para sa paninirahan**. Magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa online.

Residents Advisory Room "Y-FORA"

Address 1F Yokohama Shinko Joint Government Bldg, 1-6-1 Shinko, Naka-ku, Yokohama-shi, Kanagawa Prefecture
Yokohama Port Office, Yokohama District Immigration Office

Telepono 045-680-1620

Oras Lunes - Biyernes, 9:00 am - 5:00 pm
(Sarado ng 12:00 pm - 1:00 pm)

Sarado Sabado, Linggo, holiday, Year-End/New Year

Transportasyon 5 minutong lakad mula sa Bashamichi Station ng Yokohama Minatomirai Line (Yokohama Rapid Railway)

Residence
Consultation
Appointment Form >



3 Proseso at Notipikasyon

3-1 Paglipat ng Tirahan (Moving-in, Moving-out, Relocation)

Kapag lumipat ka ng tirahan, kinakailangan mong magsagawa ng proseso upang makatanggap ng serbisyo ng pambansa at lokal na gobyerno.

Isagawa ang proseso sa Residents Affairs Division ng Aikawa Town Hall, **sa loob ng 14 araw** mula nang lumipat ng tirahan.

Moving-in Notification (Kapag Lumipat sa Aikawamachi)

Kapag nag-move-in mula sa ibang bansa

Magsumite ng **"Moving-in Notification"** sa Town Hall.

Hanggang kailan Sa loob ng 14 araw mula nang lumipat sa Aikawamachi


Mga kinakailangang bagay

Dayuhan

- 1 Residence card o Special Permanent Resident Certificate ng lahat ng taong magmo-move in
*Para sa mga hindi pa natatanggap ang kanilang residence card, kailangan dalhin ang kanilang passport.
- 2 Mga dokumentong nagpapatunay ng ugnayan sa pamilya (hal.: Marriage Certificate, Birth Certificate)
*Pakisalin ito sa Japanese.

Japanese

- 1 Passport
*Kung walang naiwan na rekord ng pagpasok at paglabas sa passport, magsumite ng dokumentong nagpapatunay ng petsa ng pagpasok sa Japan (bahagi ng boarding pass, atbp.)
- 2 Certificate of Family Register, Family Register Attachment
*Hindi na kailangan kung ang indibidwal ay may rehistradong tirahan sa Aikawamachi
- 3 Kung ang proseso ay isasagawa ng isang proxy, kailangan ng "letter of authorization"



Kapag nag-move-in mula sa ibang munisipalidad

Magsumite ng **"Moving-in Notification"** sa Town Hall.


Hanggang kailan Sa loob ng 14 araw mula nang lumipat sa Aikawamachi

Mga kinakailangang bagay

- 1 Moving-out Certificate
*Kung gumamit ka ng My Number Card upang magsumite ng Moving-out Notification, hindi ka mabibigyan ng Moving-out Certificate.
- 2 Mga dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan ng taong magsasagawa ng proseso sa counter (residence card, Special Permanent Resident Certificate, passport, atbp.)
- 3 Dayuhan ▶ Residence card o Special Permanent Resident Certificate ng lahat ng taong magmo-move in
- 4 Dayuhan ▶ Mga dokumentong nagpapatunay ng ugnayan sa pamilya (hal.: Marriage Certificate, Birth Certificate)
*Pakisalin ito sa Japanese.
- 5 Kung ang proseso ay isasagawa ng isang proxy, kailangan ng "letter of authorization"

AIKAWA TOWN

KANAGAWA



Makipag-ugnayan

Residents Affairs Department

☎ Telepono ▶ 046-285-6936

3 Proseso at Notipikasyon

Moving-out Notification (kapag lumipat ng tirahan sa ibang munisipalidad)

Magsumite ng **"Moving-out Notification"** sa Aikawa Town Hall.

Hanggang kailan Mula **14 araw bago** ang planong petsa ng paglipat hanggang **14 araw pagkatapos** lumipat

Mga kinakailangang bagay

- 1 Mga dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan ng taong magsasagawa ng proseso sa counter (residence card, Special Permanent Resident Certificate, passport, atbp.)
- 2 My Number Card
- 3 Personal na selyo
- 4 **Kung mayroon lamang** National Health Insurance Eligibility Certificate, Long-term Care Insurance Certificate, Certificate of Eligibility for Late-stage Elderly Medical Care, Seal Registration Certificate
- 5 Kung ang proseso ay isasagawa ng isang proxy, kailangan ng "letter of authorization"



Relocation Notification (kapag lumipat ng tirahan sa loob ng Aikawamachi)

Magsumite ng **"Relocation Notification"** sa Aikawa Town Hall.

Hanggang kailan **Sa loob ng 14 araw** mula nang lumipat sa bagong tirahan

Mga kinakailangang bagay

- 1 Mga dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan ng taong magsasagawa ng proseso sa counter (residence card, Special Permanent Resident Certificate, passport, atbp.)
- 2 My Number Card, residence card, Special Permanent Resident Certificate, ng lahat ng miyembro na magre-relocate
- 3 Personal na selyo
- 4 **Kung mayroon lamang** National Health Insurance Eligibility Certificate, Long-term Care Insurance Certificate, Certificate of Eligibility for Late-stage Elderly Medical Care, Seal Registration Certificate
- 5 Kung ang proseso ay isasagawa ng isang proxy, kailangan ng "letter of authorization"



Makipag-ugnayan

Residents Affairs Division

☎ Telepono ▶ 046-285-6936

3 Proseso at Notipikasyon

3-2 Family Register (Kapanganakan, Pagkamatay, Kasal, at Diborsyo)

Kapag may ipinanganak na bata sa Japan, o may namatay na miyembro ng pamilya, kinakailangan ng proseso.

Notification of birth (Kapag may ipinanganak na bata)

Kapag may ipinanganak na bata, magsumite ng **"Notification of Birth"**.

Hanggang kailan Sa loob ng 14 araw mula ng petsang ipinanganak ang bata

Mga kinakailangang bagay Notification of Birth (makukuha sa ospital kung saan nanganak), Maternal and Child Health Handbook, at residence card ng nag-notify



Bukod sa notification of birth, may mga kinakailangang proseso rin.

- 1 Child health insurance
- 2 Aplikasyon para sa Child Allowance
- 3 Aplikasyon para sa Child Medical Care Certificate
- 4 Pagkuha ng nasyonalidad at katayuan ng paninirahan para sa bata

Notification of Death (Kapag may namatay)


Kapag ang isang dayuhan ay namatay sa Japan, magsumite ng **"Notification of Death"**.

Hanggang kailan Sa loob ng 7 araw mula nang malaman na namatay

Mga kinakailangang bagay Death Certificate (makukuha sa ospital), Special Permanent Resident Certificate (kung ang namatay ay isang special permanent resident), residence card ng namatay, passport, Health Insurance Eligibility Certificate (miyembro ng sistema ng National Health Insurance Card o Late-stage Elderly Medical Care), Seal Registration Certificate (kung mayroon)


Notification of Marriage (Kapag ikakasal)

Kapag ang isang dayuhan ay ikakasal sa Japan, magsumite ng **"Notification of Marriage"**. Ang mga dokumentong kinakailangan para sa pagpapakasal ay naiiba depende sa bansa. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa Residents Affairs Division o sa embahada o konsulado.



Notification of Divorce (Kapag magdi-diborsyo)

Ang mga kondisyon sa pagdiborsyo ay naiiba depende sa bansa. Kung mutual consent ang diborsyo sa ilalim ng batas ng Japan, magsumite ng **"Notification of Divorce"**. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa Residents Affairs Division o sa embahada o konsulado.



Saan isasagawa ang mga proseso

	Araw at oras	Counter
Lunes - Biyernes	8:30 am - 5:15 pm	Residents Affairs Division
Sabado, Linggo, holiday, Year-End/New Year	8:30 am - 5:00 pm	Residents Affairs Division (ang on-duty na staff ang bahala dito)
Gabi	5:15 pm - 8:30 am ng sunod na araw *Sa Sabado, Linggo, holiday, at Year-End/New Year, 5:00 pm - 8:30 am ng sunod na araw	Security guard desk (entrance sa likuran ng bagong gusali ng town hall)

*Sa holiday o gabi, tumatanggap lamang ng mga dokumento.

*Kung may mga hindi nailagay o error sa dokumento, kinakailangan mong pumunta muli sa town hall sa regular na business hours.

Makipag-ugnayan Residents Affairs Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6936

3 Proseso at Notipikasyon

3-3 Sistema ng My Number at My Number Card

Ang My Number ay isang 12-digit na numero na mayroon ang lahat ng taong may Certificate of Residence sa Japan. Tinatawag din itong individual number. May My Number din ang mga dayuhang nagparehistro ng tirahan sa Japan.

My Number Card

Ang My Number Card ay isang IC card na may litrato ng iyong mukha at kung saan nakasaad ang iyong My Number. Maaari itong makuha sa pamamagitan ng aplikasyon.



Ano ang iyong maaaring gawin gamit ang iyong My Number Card

- Gamitin ito bialng ID para sa pagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan
- Magsagawa ng administratibong proseso online
- Kumuha ng mga dokumento tulad ng Certificate of Residence at iba pang mga sertipiko sa mga convenience store
- Gamitin bilang Health Insurance Card

Paano mag-apply para sa My Number Card

Kapag magsusumite ng Moving-in Notification sa Aikawamachi, maaari kang mag-apply para sa My Number Card. Kahit pa hindi ka nakapag apply sa town hall, maaari mong gamitin ang "Application for Issuance" na ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo upang mag-apply kalaunan.

Tungkol sa pag-handle ng My Number Card

Kapag nagbago ka ng pangalan o tirahan, magsumite ng notipikasyon sa town hall. Ang validity period ng iyong My Number Card ay pareho ng iyong panahon ng pananatili. Kapag nag-renew ka ng iyong panahon ng pananatili, kinakailangn mo magsagawa ng proseso sa town hall.

Kapag nawala mo ang iyong My Number Card

1. Tumawag sa "My Number General Toll-Free Number" (☎ 0120-0178-27). Kailangan mong pansamantalang suspendihin ang paggamit ng card. Sumusuporta rin sa tawag sa banyagang wika.
2. Magsumite ng "Notification of Loss" sa pulisya.
3. Kung hindi mo mahanap ang iyong My Number Card, kailangan mong magsumite ng "Application for Issuance" para sa bagong card.
*Kapag nahanap mo ang iyong My Number Card, pumunta sa town hall at magsagawa ng proseso upang ma-reactivate ito.

Makipag-ugnayan

Residents Affairs Department

☎ Telepono ▶ 046-285-6936

Impormasyon tungkol sa My Number

My Number General Toll-Free Number

☎ Telepono 0120-0178-26

Oras 9:30 am - 8:00 pm (sa Sabado, Linggo, holiday, hanggang 5:30 pm)
*Maliban sa Disyembre 29 - Enero 3

Wika

- English
- Spanish
- Thai
- Tagalog
- Chinese
- Portuguese
- Indonesian
- Nepali
- Korean
- Vietnamese

Japanese Telepono 0120-95-0178

Individual Number Card
(My Number Card)
General Website



3 Proseso at Notipikasyon

3-4 Certificate of Residence

Certificate of Residence

Nakasaad sa Certificate of Residence ang address, pangalan, petsa ng kapanganakan, ng mga indibidwal na nagrehistro ng kanilang paninirahan.

Ang Certificate of Residence ay ginagamit para sa iba't ibang proseso.

Paano kumuha ng Certificate of Residence

Maaari kang makakuha ng Certificate of Residence sa pamamagitan ng sumusunod na tatlong paraan.

- 1** Mag-apply sa **counter ng town hall**
Saan mag-a-apply : Residents Affairs Division ng Town Hall, Hanbara Liaison Office, Nakatsu Liaison Office
- 2** **Serbisyo ng pag-isyu sa convenience store**
Ang mga may My Number Card ay maaaring gumamit ng serbisyo ng pag-isyu sa convenience store.
- 3** Mag-request sa **pamamagitan ng koreo**
Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa Residents Affairs Division ng Town Hall.
Residents Affairs Department ☎ Telepono ▶ 046-285-6936

3-5 Serbisyo ng Pag-isyu sa Convenience Store

Ang serbisyo ng pag-isyu sa convenience store ay **isang serbisyo kung saan maaari mong makuha ang mga sertipikong ibinibigay ng Aikawamachi sa mga convenience store gamit ang iyong My Number Card.**

Kailangan ang 4-digit na numero na iyong sinet noong natanggap mo ang iyong My Number Card.

Mga sertipikong maaaring makuha mula sa mga convenience store sa Aikawamachi

- Kopya ng Certificate of Residence
- Certificate of Entries Recorded in Resident Record
- Seal Registration Certificate
- Tax Certificate (para sa pinakabagong fiscal year lamang)

*Ang bayad ay 300 yen kada kopya

Mga taong maaaring gumamit ng serbisyo

Mga taong nagparehistro ng tirahan sa Aikawamachi at may My Number Card.

Tindahan at oras


Tindahan

7-Eleven, Lawson, Lawson Three F, FamilyMart, Ministop
*Mga tindahang may multi-function copy machine lamang

Mga nilalaman ng konsultasyon


6:30 am - 11:00 pm (pati sa Sabado, Linggo, at holiday)
*Maliban sa Disyembre 29 - Enero 3, at kapag under maintenance ang machine

Paano gamitin ang serbisyo ng pag-isyu sa convenience store >



4 Pamumuhay

4-1 Suplay ng Tubig



Kapag nais mong gumamit ng suplay ng tubig

Kapag napagpasyahan mo na ang iyong bagong tirahan, tumawag sa **Aikawa Town Water Supply Office** **limang araw bago gagamitin ang suplay ng tubig** at ipaalam ang sumusunod na impormasyon mula ① hanggang ④ .

Aikawa Town Water Supply Office  046-285-6965

① Address ng bagong tirahan ② Pangalan ng mga taong maninirahan ③ Petsa ng pag-move-in ④ Iyong numero ng telepono

*Kung bumili ka ng bahay, ipaalam rin ito.

Paano bayaran ang bill ng suplay ng tubig

Isang beses kada dalawang buwan, makakatanggap ka ng payment slip sa iyong tahanan.

Pumunta sa bangko o convenience store para bayaran ito. Maaari ka ring magbayad sa iyong smartphone.

Nakasulat sa payment slip ang mga bangko, convenience store, o serbisyo ng smartphone na maaaring gamitin.

*Hindi maaaring gumamit ng credit card.

Kapag titigil ka sa paggamit ng tubig

Bago lupimat sa bagong tirahan o umuwi sa iyong bansa, **siguraduhing ipaalam sa Aikawa Town Water Supply Office ang sumusunod na impormasyon mula ① hanggang ⑤ .**

Kapag uuwi sa iyong bansa, tumawag nang maaga.

Aikawa Town Water Supply Office  046-285-6965


① Address ng kasalukuyang tirahan ② Address ng bagong tirahan ③ Pangalan ng mga naninirahan

④ Hanggang kailan maninirahan sa tirahan ⑤ Iyong numero ng telepono

Dapat tandaan

Ang sumusunod na lugar ay mga water supply office sa Kanagawa Prefecture. Tumawag sa **Atsugi Water Supply Office**, hindi sa Aikawa Town Water Supply Office.


Atsugi Water Supply Office

 046-224-1111

Water supply area sa Kanagawa Prefecture

Buong lugar ng Kasugadai, bahagi ng Nakatsu

*Sumangguni sa mapa.



4 Pamumuhay

4-2 Basura

Mga patakaran at tamang gawi sa basura

Itapon ang basura sa itinalagang lugar bago mag 8:30 am sa araw ng pagkolekta ng basura.

Tingnan ang araw at lugar ng pagtatapon ng basura sa "Kalendaryo ng koleksyon ng basura at recyclables".

Kalendaryo ng koleksyon ng basura at recyclables >



Ang "Kalendaryo ng koleksyon ng basura at recyclables" ay maaari ring makuha sa mga sumusunod na lugar:

Main building ng town hall, Ravine Plaza, Ladies Plaza, Tashiro Sports Park, No. 1 Park Gymnasium, mga convenience store sa bayan, atbp.

Ihiwalay ang mga "Combustible waste" at "recyclables".

Garbage Separation Guidebook >



Para sa mga detalye, tingnan ang "Guidebook sa Paghihiwalay ng Basura"

4-3 Tirahan

Municipal housing

Ang municipal housing ay mga pinaparentahang tirahang pinapatakbo ng Aikawamachi. May mga kondisyon para makapag-apply ng move-in. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa amin.

1 Mga taong mababa ang kita at nahahirapang maghanap ng tirahan 2 Mga taong naninirahan o nagtatrabaho sa Aikawamachi, atbp.


Makipag-ugnayan City Facilities Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6936

Mga patakaran sa paninirahan

Maaaring makaabala sa mga kapitbahay kapag maingay o malakas ang boses.

Mag-ingat lalo na sa mga apartment o condominium.

- ✗ Makinig sa radyo o magpatugtog ng musika nang malakas
- ✗ Makipag-usap nang malakas ang boses
- ✗ Maglaba, maglinis, o mag-shower nang sobrang aga sa umaga o sobrang late sa gabi
- ✗ Pagsasara ng pinto nang malakas



4-4 Resident's Association

Napakahalagang bumuo ng mabuting ugnayan sa iyong mga kapitbahay sa pamamagitan ng pagpapalitan ng pagbati araw-araw o pagsali sa mga kaganapan tulad ng mga festival. Kung nakikisama ka sa iyong mga kapitbahay, maaari mo silang tanungin tungkol sa mga bagay na hindi mo maintindihan at matutulungan ninyo ang isa't isa kapag may mga sakuna.

Sa Japan, ang mga taong naninirahan sa lugar ay lumilikha ng grupo (Resident's Association) at nagtutulungan upang lumikha ng komportableng komunidad. **Kapag sumali ka sa Resident's Association, maaari kang makakuha ng impormasyon sa iyong lugar.** Para sa mga taong nais sumali sa Resident's Association, makipag-ugnayan sa mga taong naninirahan sa malapit o sa officer ng Resident's Association.

[Mga pangunahing aktibidad ng Resident's Association]

- Paglilinis ng kalsada, parke, atbp.
- Pagsasagawa ng disaster drills para sa lindol, sunog, at iba pang sakuna
- Pag-iwas sa aksidente at krimen
- Pagsasagawa ng mga kaganapan tulad ng mga festival o sports day

5 Consultation Desk para sa mga Dayuhan

5-1 Support Concierge Service para sa mga Dayuhan

Ang consultation desk na ito ay para sa mga dayuhang naninirahan sa Aikawamachi.

May mga consultant na nakakapagsalita ng **English, Spanish, at Portuguese.**

Maaari kayong malayang kumonsulta tungkol sa mga problema sa araw-araw na pamumuhay, o sa mga proseso sa town hall na hindi mo naiintindihan, atbp.

Mga suportadong wika

English, Spanish, Portuguese

*Para sa ibang wika, makikipag-usap gamit ang multilingual machine translator.

Tumatanggap ng konsultasyon

Lunes - Biyernes (maliban sa holiday), 10:00 am - 5:00 pm

Address

Residents Affairs Division ng Aikawa Town Hall, 251-1 Sumida, Aikawamachi

☎ Telepono

046-285-6936

5-2 Lecture para sa Mga Dayuhang Residente

Magsagawa ng lecture gamit ang wikang banyaga at simpleng Japanese.

Mga nilalaman ng lecture

Paraan ng pagtatapon ng basura; buwis; ospital; paaralan; pag-aalaga ng bata; pag-iwas sa sakuna, atbp.

Mga maaaring sumali

Mga dayuhang naninirahan sa Aikawamachi

Makipag-ugnayan

Residents Collaboration Division

☎ Telepono

046-285-6937



5-3 Consultation Desk sa Domestic Violence Para sa mga Kababaihan

Ang mga indibidwal na nagdudusa ng **karahasan mula sa kanilang mga asawa o partner** ay maaaring kumonsulta sa banyagang wika.

☎ Telepono

090-8002-2949 (Kanagawa Prefecture Spousal Violence Consultation Center)

Mga suportadong wika

English, Korean, Spanish, Portuguese

Mga wikang kailangan ng reserbasyon

Chinese, Tagalog, Thai, Vietnamese, Indonesian, Bengali, Burmese, Khmer, Russian

Tumatanggap ng konsultasyon

Lunes - Biyernes, 10:00 am - 5:00 pm

Sarado

Sabado, Linggo, holiday, Year-End/New Year

*Ang mga konsultasyon ay maaari rin isagawa nang personal. Kinakailangan ng reserbasyon.



6 Insurance

Sa Japan, **ang lahat**, anuman ang nasyonalidad, **ay dapat maging miyembro ng pampublikong health insurance at magbayad ng insurance premiums para sa gastusing medikal kung sakaling nagka-injury o nagkasakit.**

6-1 Health Insurance

Ang mga nagtatrabaho sa kumpanya, at ang kanilang pamilya ay dapat maging miyembro ng health insurance. Ang kalahati ng insurance premiums ay babayaran ng kumpanya. Pakitanong sa iyong kumpanya kung maaari kang maging miyembro ng health insurance.

6-2 National Health Insurance

Ang national health insurance ay para sa mga taong hindi miyembro ng health insurance. Kinakailangan isagawa ang mga proseso sa town hall upang maging miyembro. Ang buwis sa insurance ay nakabatay sa bilang nga mga taong miyembro ng insurance at sa kita noong nakaraang taon. Ang buwis sa insurance ay babayaran ng puno ng sambahayan.

Mga taong hindi maaari maging miyembro ng national health insurance

- Mga taong may panahon ng pananatili na hindi lalampas sa tatlong buwan
- Mga taong nag-expire na ang panahon ng pananatili
- Mga taong ang katayuan ng paninirahan ay "Diplomat" o "Temporary Visitor"
- Mga taong may Certificate of Coverage mula sa bansang may kasunduan sa Japan tungkol sa International Social Security Agreement
- Mga taong walang katayuan ng paninirahan tulad ng mga ilegal na nananatili
- Mga taong miyembro ng health insurance ng kumpanya o sistema ng late-stage elderly medical insurance
- Mga taong tumatanggap ng Pampublikong Tulong o walang rehistro ng tirahan
- Mga taong may katayuan ng paninirahan na "Designated Activities" na:
 - ① Nakikibahagi sa mga aktibidad para tumanggap ng medikal na pagpapagamot o pagbibigay ng pang-araw-araw na pangangalaga sa mga naturang indibidwal
 - ② Nakikibahagi sa mga aktibidad tulad ng turismo o recreation

Makipag-ugnayan National Health Insurance and Pension Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6931

6-3 Sistema ng Late-stage Elderly Medical Insurance

Ang mga taong miyembro ng national health insurance o health insurance ay **awtomatikong miyembro ng "late-stage elderly medical insurance" pagkatungtong ng 75 taong gulang. Hindi kinakailangan ng anumang proseso.** Ang insurance premiums ay nakabatay sa kita ng nakaraang taon, atbp.

Makipag-ugnayan National Health Insurance and Pension Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6931

6-4 Pangunahing Benepisyo ng Health Insurance

Benepisyo sa gastusing medikal

Kapag magpatingin sa ospital dahil sa sakit o injury, **ipakita lamang ang iyong My Number Card o Health Insurance Eligibility Certificate sa counter ng ospital upang mabawasan ang halagang kailangan mong bayaran sa ospital.** Ang mga hindi sakop ng insurance ay hindi kasama rito.

Porsyento ng halagang dapat bayaran sa ospital

Mga batang hindi pa pampapasok sa elementary school	20%	
Elementarya hanggang mga taong nasa edad 69	30%	
Mga nasa edad 70 - 74	20% or 30%	*Naiiba depende sa kita.

*Ang Aikawamachi ay nagbibigay ng subsidy para sa gastusing medikal (out of pocket) para sa mga batang edad 0 hanggang 18 taong gulang.

6 Insurance

High-cost medical expense (Kapag umabot sa mataas na halaga ang gastusing medikal)

Kapag umabot sa mataas na halaga ang binayaran mo sa ospital para sa isang buwan, **maaaring maibalik ang bahagi ng halagang iyong binayad bilang high-cost medical expense benefits. Hindi kinakailangan ng aplikasyon.**



Childbirth Lump-sum Allowance (Kapag may ipinanganak na bata)

Sa prinsipyo, kapag ang isang indibidwal na miyembro ng health insurance ay **nanganak**, sila ay babayaran ng **500,000 yen** kada bata.

Kung ang pagbubuntis ay tumagal ng 85 araw o higit pa, babayaran pa rin kahit nagkaroon ng stillbirth o miscarriage.

Makipag-ugnayan Counter ng mga katanungan tungkol sa kinabibilangan na health insurance



6-5 My Number Health Insurance Certificate

Kinakailangan magparehistro upang magamit ang My Number Card bilang Health Insurance Card. Mag-login sa **Mynportal** at magrehistro. Maaari ka rin magrehistro sa counter sa ospital o botika.

Mga taong walang My Number Card at mga taong hindi gumagamit ng My Number health insurance card

Ibibigay ang "Health Insurance Eligibility Certificate" nang libre. Ipakita ang "Health Insurance Eligibility Certificate" kapag magpapatingin sa ospital.

Kung interesado kang malaman ang mga detalye tungkol sa My Number health insurance card

My Number General Toll-Free Number


Telepono 0120-0178-27 (toll-free)

If you have difficulties getting through, call 0570-064-738 (call rates apply)

Languages available

- English • Chinese • Korean • Spanish • Portuguese
- 8:30 am to 8:00 pm
- Thai • Nepali • Indonesian • Vietnamese • Tagalog
- 9:00 am to 6:00 pm

Individual Number Card
(My Number Card)
website



6-6 Long-Term Care Insurance

Ang long-term care insurance ay isang sistemang dinisenyo upang matulungan ka ng buong lipunan para mabawasan ang iyong pasanin sa pangangalaga ng may sakit o matanda. **Ang mga taong naninirahan sa Japan ay miyembro ng long-term care insurance mula edad 40 at dapat magbayad ng insurance premiums.**

Kapag napunta sa sitwasyon kinailangan ng pangangalaga ng may sakit o matanda, **maaaring bayaran ang bahagi ng gastusin upang magamit ang serbisyo ng pangangalaga.**

Makipag-ugnayan Elderly Care Division **Telepono** ▶ 046-285-6938



7 Pensyon

Ang pensyon ay isang sistema kung saan sinusupportahan ng lahat ang pamumuhay sa panahon ng paghihirap tulad ng pagtanda, pagkakaroon ng kapansanan dahil sa sakit o injury, o pagkamatay ng miyembro ng pamilya.

Ang mga taong miyembro ng pensyon at nagbabayad ng insurance premiums ay maaaring tumanggap ng pensyon sa hinaharap.

May dalawang uri ng pambansang pensyon: ang "Employees' Pension" at "Japanese National Pension".

7-1 Employees' Pension

Ang mga taong nagtatrabaho sa kumpanya at iba pa ay magiging miyembro ng Employees' Pension.

Ang kumpanya ang magsasagawa ng mga karagdagang proseso. Ang insurance premiums ay ibabawas mula sa sahod.

7-2 Japanese National Pension

Ang lahat ng taong edad 20 hanggang 59 na naninirahan sa Japan ay magiging miyembro ng Japanese National Pension.

Ang proseso sa pagiging miyembro at pag-withdraw mula sa National Pension ay isasagawa sa pension office o town hall.

Ang insurance premiums ng Japanese National Pension ay nagbabago taun-taon.

Ang insurance premiums ay maaaring bayaran gamit ang payment slip sa mga bangko, post office, convenience store, atbp. Maaari ring magbayad gamit ang direct debit, credit card, o sa online.

Kung ikaw ay nahihirapang magbayad ng insurance premiums, kumonsulta sa pension office of town hall.

Sistema ng Japanese National Pension
(Japan Pension Service) >



7-3 Mga Uri ng Pensyon na Maaaring Matanggap

- 1 Old Age Pension**...Ang mga taong nagbayad ng insurance premiums ng pensyon nang 10 taon o higit pa ay matatanggap ang pensyon mula 65 taong gulang.
- 2 Disability Pension**...Matatanggap ang pensyon kapag nagkaroon ng kapansanan dahil sa sakit o injury habang miyembro ng pensyon.
- 3 Survivor's Pension**...Kapag ang indibidwal na miyembro ng pensyon ay namatay, matatanggap ng mga dependent ng indibidwal na iyon (tulad ng asawang may anak, anak, atbp.) ang pensyon.

*Ang mga pensyon mula ① - ③ ay maaari lamang matanggap kung natutugugan ang kani-kaniyang kondisyon para matanggap ito.

7-4 Lump-sum Withdrawal Payment

Kapag umalis ng bansa ang isang dayuhang miyembro ng pensyon, maaari niyang makuha ang bahagi ng insurance premiums na kanyang binayad.

Mag-apply sa loob ng dalawang taon mula ng petsa na mawala ang iyong address sa Japan.

Mga maaaring makatanggap ng "Lump-sum Withdrawal Payment"

Mga taong natutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon

- Mga taong walang nasyonalidad ng Hapon
- Mga taong nagbayad ng insurance premiums ng pensyon nang anim na buwan o higit pa
- Mga taong hindi natanggap ang kanilang pensyon
- Mga taong walang address sa Japan

Proseso ng pag-claim ng Lump-sum
Withdrawal Payment >



Makipag-ugnayan

Atsugi Pension Office

Telepono 046-223-7171

National Health Insurance and Pension Division

Telepono 046-285-6931

8 Kapakanan

Ang bawat dibisyon sa Aikawamachi ay nagbibigay ng iba't ibang serbisyong nauugnay sa kapakanan at kalusugan.

Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa kani-kanyang dibisyon.

8-1

Kapakanan para sa mga Matatanda, May Kapansanan, Single-parent Family



Mga serbisyo at sistema para sa mga **Elderly and Families of the Elderly matatanda at kanilang mga pamilya**

Makipag-ugnayan

Elderly Care Division

Telepono

046-285-6938



Mga serbisyo at sistema para sa mga **taong may kapansanan sa isipan at katawan at nahihirapan sa pamumuhay**

Makipag-ugnayan

Welfare Support Division

Telepono

046-285-6928



Mga serbisyo at sistema para sa mga **single parents na nagpapalaki ng bata**

Makipag-ugnayan

Childcare Support Division

Telepono

046-285-6932

8-2

Sistemang Makakatulong sa mga Taong Nahihirapan sa Pamumuhay

Pampublikong Tulong

Ang Pampublikong Tulong ay isang sistemang nagbibigay ng kinakailangang tulong at suporta sa mga taong nahihirapan sa pamumuhay upang sila ay maging independent.

Maaari mong matanggap ang balanse ng kita ng sambahayan at gastusin sa pamumuhay na itinakda ng gobyerno bilang public assistance expenses. Ang mga dayuhan ay maaari ring makatanggap ng welfare benefits kung natutugunan nila ang mga kondisyon tulad ng katayuan ng paninirahan. Kung ikaw ay "nahihirapan sa pamumuhay" o "interesadong makatanggap ng Pampublikong Tulong," kumonsulta sa Welfare Support Division.

Makipag-ugnayan

Welfare Support Division

Telepono

046-285-6928

Aikawa Town Social Welfare Council

Ang Aikawa Town Social Welfare Council ay nagsasagawa ng iba't ibang aktibidad at nagbibigay ng suporta upang ang mga taong naninirahan sa komunidad ay mamuhay nang mapayapa.

Mga maaaring ikonsulta (halimbawa)

- Tungkol sa mga volunteer activities
- Tungkol sa sistema ng adult guardianship
- Pansamantalang pagpapahiram ng wheelchair
- Tungkol sa suporta sa mga nahihirapanng gumamit ng pampublikong transportasyon para pumunta sa ospita atbp.

Aikawa Town Social Welfare Council >



Makipag-ugnayan

Aikawa Town Social Welfare Council

Telepono

046-281-8637

9 Buwis

May dalawang uri ng buwis sa Japan: **ang National Tax, ang buwis na ibinabayad sa gobyerno, at ang Local Tax, and buwis na ibinabayad sa prefecture at munisipalidad.**

Ang mga dayuhang naninirahan sa Japan ay obligadong magbayad ng buwis.

9-1 Income Tax

Ito ang buwis na ipinapataw sa kita ng indibidwal. Ang halagang babayaran ay batay sa sahod mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 ng nakaraang taon.

Para sa mga taong nagtatrabaho sa kumpanya atbp., ibinabawas ang Income Tax mula sa kanilang buwanang sahod.

Para sa iba naman, kailangan nilang kalkulahan ang kanilang kita at buwis, at ideklara ito sa tax office. Tinatawag itong "Pag-file ng Tax Return".

Makipag-ugnayan Atsugi Tax Office

Telepono 046-221-3261

9-2 Residence Tax

Ang Residence Tax ay ang buwis na ibinabayad sa munisipalidad at prefecture kung saan (kung saan dating) kang naninirahaan noong Enero 1.

Para sa mga taong tumatanggap ng sahod o pensyon, ibinabawas ang Residence Tax sa kanilang sahod o pensyon.

Para sa iba naman, maaari itong bayaran gamit ang payment slip o online.

Mga taong uuwi sa kanilang bansa

Ang mga taong uuwi sa kanilang bansa ay dapat bayaran ang lahat ng kanilang Residence Tax bago umalis sa Japan upang matugunan ang kanilang obligasyon sa pagbabayad ng buwis, o magtakda ng taong magbabayad ng Residence Tax sa ngalan nila (proxy sa pagbabayad ng buwis) at ideklara ito sa town hall.

Makipag-ugnayan Tax Division

Telepono 046-285-6915

9-3 Fixed Property Tax

Ito ang buwis na ibinabayad ng mga taong mayroong ng sumusunod na ari-arian sa Aikawamachi noong Enero 1.

Maaari itong bayaran gamit ang payment slip o online.

- 1 Lupa
- 2 Mga gusali tulad ng bahay, condominium, apartment, office building, o tindahan
- 3 Mga makinarya o malaking sasakyang ginagamit sa trabaho, atbp.

Makipag-ugnayan Tax Division

Telepono 046-285-6916

9-4 Buwis sa Sasakyan

Ito ang buwis na ibinabayad ng mga taong may sasakyan noong April 1. Maaari itong bayaran gamit ang payment slip o online.

- Light Vehicle Tax (category based)-Binabayaran ito ng mga taong may sasakyan (light vehicle) na may engine displacement na 660cc o mas mababa o motorsiklo.
- Automobile Tax (category based)...Binabayaran ito ng mga taong may sasakyan na may engine displacement na higit sa 660cc.

Makipag-ugnayan Tax Division

Telepono 046-285-6915

9-5 Kapag Hindi Ka Makabayad ng Buwis Bago ang Deadline

Kung hindi ka talaga makabayad ng buwis bago ang deadline, kumonsulta agad sa Tax Division.

Kung hindi ka kumonsulta at hindi nakabayad bago ang deadline, kukumpiskahin ang iyong mga ari-arian (sahod, ipon, bahay, sasakyan, atbp.)

*Pagkumpiska... Ibebenta ng Aikawamachi ang iyong ari-arian upang mabayaran ang buwis. Hindi mo ito mapipigilan.

Makipag-ugnayan Tax Division

Telepono 046-285-6917

9-6 Tax Certificate

Kapag kailangan mo ng **sertipikong** may kinalaman sa buwis, mag-apply sa counter ng town hall.

Mga kinakailangang bagay Mga dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan (residence card, passport, My Number Card, atbp.)

*Kailangan ng Power of Attorney kung proxy ang magke-claim.

*Ang Taxable/Non-taxable Certificate ay maaari ring makuha sa pamamagitan ng "serbisyo ng pag-isyu sa convenience store". Kailangan ng My Number Card.

Makipag-ugnayan Tax Division

Telepono 046-285-6917

10 Pagbubuntis, Panganganak, at Pag-aalaga ng Bata

10-1 Kapag Nagbubuntis

Tumanggap ng Maternal and Child Health Handbook

Kapag nalaman mong nagbubuntis ka, magsumite ng **"Notification of Pregnancy"** sa Health Promotion Division ng town hall at tumanggap ng **Maternal and Child Health Handbook**.

Ang Maternal and Child Health Handbook ay isang talaan kung saan isinusulat ang tungkol sa kalusugan ng ina at paglaki ng sanggol atbp.

Kasama ng Maternal and Child Health Handbook, makakatanggap ka ng ticket na gagamitin sa pagpapatingin ng ina at sanggol (health checkup tickets). Dalhin ang ticket sa ospital upang mabawasan ang gastos sa pagpapatingin.

Makipag-ugnayan Health Promotion Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6970

Digital Maternal and Child Handbook

Ito ay isang app sa smartphone kung saan maaari kang magrehistro o pamahalaan ang rekord ng iyong pag-aalaga ng bata.

Wika

- English •Chinese •Korean •Portuguese •Spanish •Tagalog
- Thai •Vietnamese •Indonesian •Russian •Nepali

Digital Maternal and
Child Handbook >



10-2 Serbisyo ng Suporta para sa Pagbubuntis, Panganganak, at Pag-aalaga ng Bata

1 Pangkalahatang konsultasyon para sa pagbubuntis, panganganak, at pag-aalaga ng bata

Maaari kang kumonsulta tungkol sa iyong mga alalahanin at pangamba sa pagbubuntis o pagpapalaki ng bata.

Lugar Health Plaza, 1F (sa loob ng Health Promotion Division)

Telepono 046-285-6970

Oras Lunes - Biyernes, 8:30 am - 5:15 pm

Sarado Sabado, Linggo, holiday, Year-End/New Year

Ano ang dapat kong gawin kapag ako'y nagbubuntis?
Hindi tumitigil sa pag-iyak ang sanggol.
Ano ang dapat kong gawin?



2 Home visit para sa mga nagbubuntis

Ang mga pampublikong nars at midwife ay bibisita sa iyong tahanan at magbibigay ng suporta upang mapanatag ang isip ng ina sa panganganak.

3 Maternity seminar

Ito ay isang klase kung saan ang mga ama at ina ay maaaring matutunan ang tungkol sa pagbubuntis, panganganak, at pag-aalaga ng bata. Maaari rin makipagkaibigan sa mga kapwa ina.

4 Tulong para sa serbisyo ng babysitting at iba pang nauugnay na service fee

Magbibigay ng tulong para sa mga gastusin kapag ang mga nagbubuntis o nag-aalaga ng batang wala pang isang taong gulang ay gumamit ng serbisyo ng babysitting, suporta sa gawaing-bahay at pangangalaga ng bata sa tahanan.

Detalye 50% ng service fee ay masa-subsidize (hanggang maximum 10,000 yen kada bata)

Makipag-ugnayan

1 2 3 Health Promotion Division

Telepono 046-285-6970

4 Childcare Support Division

Telepono 046-285-6932

10 Pagbubuntis, Pagnganganak, at Pag-aalaga ng Bata

10-3 Kapag May Ipinanganak na Bata

Notification of Birth

Kapag may ipinanganak na bata, magsumite ng "Notification of Birth".

Hanggang kailan Sa loob ng 14 araw mula nang ipinanganak ang bata

Mga kinakailangang bagay Birth Certificate (makukuha sa ospital kung saan nanganak),
Maternal and Child Health Handbook, at residence card ng nag-notify (ama o ina)
*Ipaalam rin sa embahada o konsulado na may ipinanganak na bata.

Makipag-ugnayan Residents Affairs Department ☎ Telepono ▶ 046-285-6936



Katayuan ng paninirahan ng bata

Kapag ang isang batang may dayuhang nasyonalidad at ipinanganak sa Japan ay **mananatili sa Japan nang higit sa 60 araw**, kinakailangang kumuha ng katayuan ng paninirahan para sa bata.

Hanggang kailan Sa loob ng 30 araw mula ng ipinanganak ang bata

Lugar Yokohama District Immigration Office o Kawasaki Branch Office

Health insurance

Ang mga bata ay dapat maging miyembro rin ng health insurance kung saan miyembro rin ang kanilang mga magulang.

Saan magsasagawa ng proseso Para sa mga taong miyembro ng "health insurance", sa kumpanya, at para naman sa mga taong miyembro ng "national health insurance", sa National Health Insurance and Pension Division

Makipag-ugnayan National Health Insurance and Pension Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6931

Tulong para sa gastusing medikal ng bata

Kapag ang isang **batang edad 0 hanggang 18** taong gulang at naninirahan sa Aikawamachi ay sasailalim sa medikal na pagsusuri, ipakita ang insurance card at "**Child Medical Certificate**" sa ospital. **Ang gastusing medikal ay magiging libre.**

Gayunpaman, nalalapat lamang ito sa pagpapagamot na sakop ng insurance.

Ang Child Medical Certificate ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pag-apply sa town hall.

Makipag-ugnayan Childcare Support Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6932

Tulong para sa gastusing medikal ng bata >



Child Allowance

Ito ang perang matatanggap ng mga **taong nag-aalaga ng batang 0 hanggang 18 taong gulang.**

Mag-apply sa town hall **sa loob ng 15 araw** mula nang ipinanganak ang bata.

Matatanggap na pera (buwanang halaga)	0 - 2 taong gulang	15,000 yen
	3 - 18 taong gulang (high school)	10,000 yen

*30,000 yen mula sa pangatlong bata

Makipag-ugnayan Childcare Support Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6932

Child Allowance >



Childbirth Lump-sum Allowance

Ang mga taong miyembro ng health insurance o national health insurance ay makakatanggap ng "**Childbirth Lump-sum Allowance** (sa prinsipyo, 500,000 yen)".

Makipag-ugnayan National Health Insurance and Pension Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6931

Childbirth Lump-sum Allowance >



10 Pagbubuntis, Pagnganganak, at Pag-aalaga ng Bata

10-4 Kalusugan ng Ina at Bata

Tulong para sa postpartum checkup

Ang postpartum checkup ay **mga pagsusuri kung saan titingnan ang kondisyon ng kalusugan ng katawan at isipan** ng ina pagkatapos manganak. Sasagutin ng Aikawamachi ang bahagi ng gastusin sa pagsusuri.

Iskedyul ng checkup Unang bisita : Dalawang linggo matapos manganak Pangalawang bisita : Isang buwan matapos manganak

Halaga ng subsidy 3,000 yen kada bisita

Kalusugan ng bata

Magpapadala ng notification letter nang maaga sa mga maaaring sumailalim ng health checkup.

Health checkup para sa mga sanggol at maliliit na bata


Susuriin ang kalusugan ng bata sa ospital o health plaza. Maaaring kumonsulta tungkol sa pisikal na kondisyon at kalusugan ng bata.

Para kanino 4-month old na bata, 10-month old na bata,
1 year and 6-month old na bata, 3 year and 6-month old na bata

Dental checkup

Susuriin ang ngipin ng bata.

Para kanino 1 year old na bata, 2 year old na bata



Makipag-ugnayan Health Promotion Section ☎ Telepono ▶ 046-285-6970

10-5 Serbisyo ng Home Visit Support

Newborn home visit

Bibisita ang mga pampublikong nars at midwife upang suriin ang kondisyon ng kalusugan ng sanggol at ina.

Maaari ring kumonsulta tungkol sa paglaki ng sanggol at kalusugan ng ina.

Para kanino Mga sambahayan may sanggol, hanggang dalawang buwan matapos manganak (para sa mga interesado sa home visit)

Hello Baby Home Visit

Bibisita ang mga pampublikong nars at registered nurse sa tahanan upang suriin ang kondisyon ng kalusugan ng sanggol at ina.

Maaari ring kumonsulta tungkol sa mga alalahanin at pangamba tungkol sa pag-aalaga ng bata.

Para kanino Mga sambahayan may sanggol, hanggang apat na buwan matapos manganak
*Maliban sa mga taong nakatanggap ng newborn home visit

Makipag-ugnayan Health Promotion Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6970

Pagbabakuna ng bata

Ang pagbabakuna ay injection upang maiwasan ang mga sakit tulad ng mga nakakahawang sakit. May dalawang uri ng pagbabakuna: ang routine vaccination, pagbabakuna na isinasagawa ng munisipalidad batay sa batas, at ang optional vaccination, pagbabakuna para sa mga interesadong tumanggap nito.

1 Routine vaccination

Kapag nagbabakuna sa loob ng itinakdang panahon, sa prinsiyong magiging libre ito.

2 Optional vaccination

Babayaran mo ito. Kapag nagbabakuna, kumonsulta sa doktor bago ito isagawa.



^
Pagbabakuna

10-6 Konsultasyon at Pakikipag-ugnayan

Postpartum care "Hinata Bokko"

Maaaring suriin ang taas at timbang bata, o **kumonsulta tungkol sa kalusugan ng ina at pag-aalaga ng bata.**

Pumunta sa health plaza upang mag-relax kasama ang iyong anak.

*Kailangan ng reserbasyon bago ito magamit.

Para kanino Mga batang wala pang isang taong gulang, ama, at ina

Relaxation class para sa mga bagong panganak na nanay

Magsasagawa ng mga pelvic exercise at stretch upang ma-relax ang katawan at isipan.

*Kinakailangan ng maagang reserbasyon.

Para kanino Mga ina na may anak na wala pang isang taong gulang

Suku-suku Health Consultation for Parent and Child at konsultasyon para sa pagpapakain ng maliliit na bata

Ang mga pampublikong nars, nutritionist, at registered nurse ay susuriin ang pisikal na kondisyon at kalusugan ng bata.

Maaaring kumonsulta tungkol sa pag-aalaga ng bata, pagababakuna ng bata, atbp.

Gaganapin ito sa itinakdang petsa. Hindi kailangan ng reserbasyon.

Medical Consultation App

Gamit ang app sa iyong smartphone, maaari kang kumonsulta tungkol sa kalusugan o medikal sa pamamagitan ng chat sa doktor.

Para kanino Mga sambahayang may nagbubuntis o batang hindi pa pumapasok sa elementary school

Makipag-ugnayan Health Promotion Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6970

Childcare Support Center

Ang Childcare Support Center ay isang lugar kung saan ang mga batang hindi pa pumapasok sa elementary school, ama at ina ay makakapag-enjoy makipag-ugnayan habang naglalaro. Bukod sa pagpapalitan ng impormasyon sa pag-aalaga ng bata at makipagkaibigan, maaaring kumonsulta tungkol sa mga alalahanin at pangamba tungkol sa pag-aalaga ng bata.

Address 257-1 Sumida, Aikawamachi (Aikawa Town Health Plaza, 3F)

Telepono 046-285-8345

Oras Lunes - Biyernes, ika-2 at ika-4 na Sabado
9:00 am - 11:30 am, 1:30 pm - 4:00 pm

Sarado Holiday, Year-End/New Year

Childcare Support Center >



11 Childcare Services at Edukasyon

11-1 Pasilidad ng Childcare Services

May tatlong uri ng pasilidad ng edukasyon at childcare services : **ang kindergarten, nursery, at maliliit na pasilidad ng childcare services/accredited childcare centers.**

Kindergarten

Ang kindergarten ay **isang pasilidad ng edukasyon para** sa mga bata mula edad tatlo hanggang limang taong gulang. Ang proseso para sa pag-enroll ay isasagawa direkta sa kindergarten.

Makipag-ugnayan	Kasugadai Kindergarten	☎ Telepono ▶ 046-285-0074
	Aikawa Kindergarten	☎ Telepono ▶ 046-281-1237
	Nakatsu Kindergarten	☎ Telepono ▶ 046-285-1650

Nursery at maliliit na pasilidad ng childcare services/accredited childcare centers.

Ito ay mga **pasilidad ng childcare services para** sa mga bata mula wala pang isang taon hanggang limang taong gulang. May mga kondisyon upang makapag-enroll. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan.

Makipag-ugnayan	Childcare Support Division	☎ Telepono ▶ 046-285-6932
------------------------	----------------------------	---------------------------

Gastusin sa childcare services

Para sa mga bata mula edad tatlo hanggang limang taong gulang at mula wala pang isang taon hanggang dalawang taong gulang mula sa mga sambahayang exempted sa Residence Tax, **magiging libre ang service fee sa pasilidad ng childcare services.** Gayunpaman, **babayaran pa rin ang para sa pagkain, mga kaganapan.**

Makipag-ugnayan	Childcare Support Division	☎ Telepono ▶ 046-285-6932
------------------------	----------------------------	---------------------------

11-2 Pansamantalang Childcare

Pansamantalang childcare services

Kapag gusto mo ng kaunting pahinga sa pag-aalaga ng bata, **o kapag ikaw ay may trabaho o sakit, maaari mong ipaubaya ang iyong anak.**

Para kanino Mga batang mula edad isang taong gulang hanggang hindi pa pumapasok sa elementary school

Makipag-ugnayan	Nakatsu nursery school	☎ Telepono ▶ 046-285-0084
	Nakatsu Kindergarten	☎ Telepono ▶ 046-285-1650

Childcare services para sa mga batang may sakit

Maaari ring ipaalaga ang mga batang may mga sintomas ng sakit tulad ng lagnat.

Maaari lamang isagawa ito kapag pinahintulutan ng doktor ng ospital na maaaring ipaubaya ang iyong anak sa pasilidad.

*Kinakailangan ng reserbasyon bago magamit ang serbisyong ito.

Para kanino Mga batang mula 6-month old pagkapanganak hanggang ika-6 na baitang sa elementary school

Makipag-ugnayan	&Care Kids	☎ Telepono ▶ 046-281-7716
------------------------	------------	---------------------------

Aikawa Town Family Support Center

Ito ay isang serbisyo kung saan ang mga taong interesado sa suporta sa pag-aalaga ng bata at ang mga taong interesadong magbigay ng suporta ay nagiging miyembro at nagtutulungan sa pag-aalaga ng bata.

*Kinakailangan ng pagrehistro bilang miyembro upang magamit ang serbisyong ito.

Inquiries	Child Rearing Support Section	☎ Telepono ▶ 046-285-6932
------------------	-------------------------------	---------------------------

11 Childcare Services at Edukasyon

11-3 Paaralan at Edukasyon

Elementary at junior high school

Sa Japan, ang compulsory education ay binubuo ng anim na taon sa elementary school (6 - 12 taong gulang) at tatlong taon sa junior high school (13 - 15 taong gulang). Kung interesado, ang mga dayuhang bata ay maaari ring pumasok sa elementary at junior high school sa Japan. Ang Aikawamachi ay mayroong anim na municipal elementary school at tatlong municipal junior high school. Ang paaralang papasukan ay nakatalaga sa lugar kung saan kayo naninirahan. Kung interesado kayong pumasok sa municipal school, makipag-ugnayan sa amin.

Makipag-ugnayan Education General Affairs Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6957

Kapag nahihirapan sa gastusin sa paaralan (sistema ng suporta para sa pagpasok sa paaralan)

Ang Aikawamachi ay nagbibigay ng tulong sa pagbabayad ng bahagi ng kinakailangan gastusin para sa **mga nahihirapan sa gastusin sa paaralan**. Nalalapat ito sa mga sumusunod na kaso ① at ②. Kunin ang mga dokumento mula sa paaralan at mag-apply.

- ① Mababa ang kita tulad ng sahod
- ② Tumatanggap ng Child Support Allowance

Makipag-ugnayan Education General Affairs Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6957

After-school child care center

Ang "after-school child care center" ay mga lugar kung saan ang mga bata ay maaaring maglaro o mag-aral **pagkatapos matapos ng klase sa elementary school**. Ang mga center ay matatagpuan sa school grounds ng elementary school at available rin ito tuwing Sabado o long break ng paaralan.

*Kinakailangang mag-apply nang maaga upang magamit ang serbisyong ito.

Para kanino Mga estudyante sa elementary na naninirahan sa Aikawamachi, na ang mga magulang ay wala sa bahay tuwing araw

Makipag-ugnayan Lifelong Learning Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6959

11-4 Suporta sa Pag-aaral para sa mga Batang may Koneksyon sa Dayuhang Bansa

Teranoya Kusu-kusu no Ki Pre Class

Nagtuturo ng Japanese sa mga estudyante sa grade 1 at grade 2 sa elementary school

Kaede Classroom (After-school Study Classroom)

Nagbibigay ng suporta sa pag-aaral pagkatapos ng klase sa paaralan para sa mga interesadong bata sa grade 3 at grade 4 sa elementary school na may koneksyon sa dayuhang bansa.

Pag-dispatch ng mga Assistant Japanese Language Instructor

May darating na Assistant Japanese Language Instructor upang magbigay suporta sa mga lugar kung saan ang mga bata ay hindi pa sanay sa Japanese.

Intensive Support para sa Inisyal na Pagtuturo ng Japanese

Ang Assistant Japanese Language Instructor ay magbibigay ng intensive support para sa mga batang kakapasok pa lamang sa paaralan sa Japan at halos hindi makapagsalita ng Japanese.

12 Employment at Labor

12-1 Kapag Nais Mong Maghanap ng Trabaho

Hello Work (Public Employment Security Office)

Ang Hello Work ay isang pambansang ahensya na nagpapakilala ng trabaho sa mga taong naghahanap ng trabaho.

Sa Aikawamachi, maaari kang kumonsulta sa kawani ng Hello Work sa town hall.

Kung nais mong kumonsulta, kinakailangan ng reserbasyon bago ang araw ng consultation session.

Iskedyul ng consultation session

Tuwing ika-2 Martes ng buwan, 1:00 pm - 3:00 pm

*Kung ang ika-2 Martes ay holiday, malilipat sa ika-3 Martes

Lugar ng konsultasyon

Consultation Room, 1F, Aikawa Town Hall Building

Makipag-ugnayan

Commerce, Industry, and Tourism Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6948

Hello Work na may interpreter

Hello Work Atsugi

☎ Telepono

046-296-8609

Address

3-7-10 Kotobuki-cho, Atsugi-shi

Access

Mga 10 minutong lakad mula sa North Exit ng Hon-atsugi Station, Odakyu Odawara Line

Oras

Lunes - Biyernes, 9:00 am - 12: pm, 1:00 pm - 4:00 pm

Int'l Interpretation

English (Martes, Miyerkules, Huwebes)

Spanish (Lunes - Biyernes)

Portuguese (Lunes - Biyernes)

12-2 Konsultasyon Kapag may Problema sa Trabaho

Labor Consultation Service for Foreign Workers (Kanagawa Prefecture)

Kapag may mga problema sa trabaho, maaaring kumonsulta sa espesyalista (abogado o propesor sa unibersidad) sa pamamagitan ng interpreter.

Ang konsultasyon ay libre.

Maaari kang pumili ng paraan ng konsultasyon mula sa sumusunod: sa telepono o direktang pakikipagkita at pakikipag-usap (harap-harapan).

Mga nilalaman ng konsultasyon

"Napilitang umalis sa trabaho", "Sinabihan ng hindi maganda sa trabaho", "Mababa ang sahod", atbp.

Lugar ng konsultasyon

Kanagawa Labor Center

Spanish



Portuguese



Vietnamese



13 Mga Patakaran sa Trapiko

13-1 Bisikleta

Insurance para sa bisikleta

Ang mga taong gumagamit ng bisikleta sa Aikawamachi ay kinakailangang kumuha ng insurance para sa bisikleta (Bicycle Liability Insurance).

Kapag may insurance, babayaran ng insurance ang gastusin kapag naaksidente at nagka injury ka o ang ibang tao habang nagbibisikleta.

Maaari kang kumonsulta sa tindahan na iyong pinagbilhan ng bisikleta, makipag-ugnayan sa insurance company, o mag-apply online upang makakuha ng insurance.

Kapag sasakay ng bisikleta

Kapag sasakay ng bisikleta, magsuot ng helmet.

Sa Aikawamachi, magbibigay ng suporta sa pagbabayad ng bahagi ng gastusin sa pagbili ng helmet para sa bisikleta. Upang makuha ang tulong na ito, kinakailangan ng dokumentong nagpapatunay ng presyo ng biniling helmet. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa amin.

Makipag-ugnayan Residents Collaboration Division ☎ Telepono ▶ 046-285-6937



Mga patakaran sa trapiko para sa mga bisikleta

- 1 Sa prinsipyo, ang mga bisikleta ay dapat nasa kaliwang gilid ng kalsada. Kung tatakbo sa sidewalk, ang pedestrian ay may prayoridad.
- 2 Siguraduhing sundin ang traffic signal.
- 3 Siguraduhing huminto sa mga lugar na may "Stop" Sign.
- 4 I-on ang ilaw kapag naging madilim.
- 5 Hindi maaari ang riding in tandem sa bisikleta.
- 6 Huwag kailanman magbisikleta kapag naka-inom ng alak.
- 7 Huwag gumamit ng smartphone habang nagbibisikleta.
- 8 Huwag magpayong habang nagbibisikleta.
- 9 Huwag makinig ng music habang nagbibisikleta.



Bicycle parking lot

Iparada ang iyong bisikleta sa bicycle parking lot.

Sa Aikawamachi, **may mga bicycle parking lot na libre sa mga lugar malapit sa mga bus stop.**

Lugar	Bus stop	Bilang ng bicycle stand
Hilagang bahagi ng Nakatsu Police Box	Ipponmatsu	Mga 20 stands
Sa loob ng parking lot ng Rainbow Plaza	Hanbara	Mga 25 stands
Sa loob ng Aikawa Bus Center	Aikawa Bus Center	Mga 20 stands
Sa timog-silangan bahagi ng Nakatsu Bus Stop	Nakatsu	Mga 10 stands

13 Mga Patakaran sa Trapiko

13-2 Mga Sasakyan at Motorsiklo

Driver's License

May tatlong paraan para magmaneho ng sasakyan o motorsiklo sa Japan.

- 1 Kumuha ng Japanese driver's license
- 2 Magmaneho gamit ang International Driving Permit na inisyu ng mga bansang may kasunduan sa Geneva Convention
- 3 Magmaneho gamit ang foreign driver's license (Switzerland, Germany, France, Belgium, Monaco, Taiwan)

* Ang pagmamaneho gamit ang mga lisensya sa 2 at 3 ay pinapayagan hanggang isang taon.

Insurance para sa sasakyan

Ang lahat ng sasakyan ay dapat may automobile liability insurance.

Kapag may insurance, babayaran ng insurance ang gastusin kapag naaksidente sa trapiko at nagka injury o namatay ang ibang tao habang nag nagmamaneho ka.

Mga patakaran sa trapiko para sa mga sasakyan at motorsiklo

- 1 Kapag namamaneho, siguraduhing dala mo ang iyong driver's license.
- 2 Ang mga sasakyan ay dapat tumakbo sa kaliwang bahagi ng kalsada.
- 3 Ang lahat ng pasahero ng sasakyan ay dapat magsuot ng seatbelt.
- 4 Ang mga bata hanggang limang taong gulang ay dapat gumamit ng child safety seat.
- 5 Huwag gumamit ng mobile phone habang nagmamaneho.
- 6 Huwag kailanman magmaneho nang naka-inom ng alak. Illegal rin ang pag-aalok ng alak sa taong nagmamaneho o pati ang pagsakay sa parehong sasakyan kasama ang lasing na drayber.



Kumuha ng driver's license

Kumuha ng Japanese driver's license

Upang makakuha ng Japanese driver's license, kumuha at pumasa ng pagsusulit.

Sa Japan, karaniwang pumapasok muna sa "driving school" bago kumuha ng pagsusulit.

Sa driving school, matututunan ang technique sa pagmamaneho, patakaran sa trapiko sa Japan, atbp.

Pag-convert sa Japanese driver's license

Maaari mong i-convert ang iyong foreign driver's license sa Japanese driver's license.

Mayroong dalawang kondisyon 1 at 2

- 1 Valid ang foreign driver's license
- 2 Matapos makuha ang foreign driver's license, nanatili sa bansang iyon nang tatlong buwan o higit pa

Makipag-ugnayan

Kanagawa Prefectural Police Headquarters
(Driver's License Center)

☎ Telepono ▶ 045-365-3111

Impormasyon tungkol sa driver's license >



14 Mga Pasilidad at Pagpapalaganap ng Impormasyon sa Aikawamachi

14-1 Mga Pasilidad at Liaison Office sa Aikawamachi

Mga Pasilidad at Liaison Office sa Aikawamachi

Address 251-1 Sumida, Aikawa-machi

☎ Telepono 046-285-2111

FAX 046-286-5021

Access Kanagawa Chuo Kotsu Bus - Bumaba sa "Aikawa Town Hall", "Minowa Tsuji", o "Aikawa Bus Center"

Ang contact center ay nagsasagawa ng ilang mga serbisyo tulad ng pag-isyu ng mga "kopya ng Certificate of Residence" o "Certificate of Individual Records".

Hanbara Liaison Office (sa loob ng Hanbara Community Center)

Address 4343-3 Hanbara, Aikawa-machi

☎ Telepono 046-281-0177

Access Kanagawa Chuo Kotsu Bus - Bumaba sa "Hanbara"

Nakatsu Liaison Office (sa loob ng Nakatsu Community Center)

Address 293-3 Nakatsu, Aikawa-machi

☎ Telepono 046-285-1600

Access Kanagawa Chuo Kotsu Bus - Bumaba sa "Kyokumae"

Oras ng serbisyo 8:30 am - 5:15 pm

Araw na sarado Sabado, Linggo, holiday, Disyembre 29 - Enero 3, community center holiday (liaison office lamang)

14-2 Mga Library at Sports Facility

Aikawa Town Library

Address 250-1 Sumida, Aikawa-machi

☎ Telepono 046-285-6963

Oras na bukas 9:30 am - 6:00 pm

Araw na sarado Martes (bukas kapag holiday), Year-End/New Year, maintenance day (isang beses kada buwan), special maintenance period (isang beses kada taon)

Mga sports facility

Sa prinsipyo, kinakailangan ng reserbasyon para magamit ito. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa bawat pasilidad.

Pangalan ng pasilidad	Pangunahing sports	☎ Telepono
Tashiro Sports Park	Baseball, tennis, swimming pool (summer), skateboarding, atbp.	046-281-0427
Mimase Park	Track and field, soccer, tennis	046-281-6777
Nakatsu Industrial Park No. 1 Park	Baseball, tennis, soccer, atbp.	046-285-1818 No.1 Park Gymnasium Office
No. 1 Park Gymnasium	Basketball, volleyball, badminton, table tennis, training, dance, atbp.	
Nakatsu Industrial Park No. 2 Park	Basketball, softball, atbp.	
Sakamoto Sports Field Shida Sports Field Ozawa Softball Field	Softball	
Sakamoto Gymnasium	Basketball, volleyball, badminton, atbp.	

Mga sports facility



14 Mga Pasilidad at Pagpapalaganap ng Impormasyon sa Aikawamachi

14-3 Pagpapalaganap ng Impormasyon

Website ng Aikawamachi

Maaaring tingnan sa Japanese, English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, at Tagalog.
<https://www.town.aikawa.kanagawa.jp/>



Website ng Aikawamachi >

Serbisyo ng pagpapadala ng email ng Aikawamachi

Makakatanggap ka ng impormasyon tungkol sa Aikawamachi sa iyong email. **Kinakailangan ng pagpaparehistro nana maaga.**

Nilalaman ng email

Impormasyon tungkol sa pag-iwas sa sakuna sa Aikawamachi, pag-iwas sa krimen, mga kaganapan, pag-aalaga ng bata, atbp.

Wika

Japanese

Serbisyo ng pagpapadala ng email ng Aikawamachi >



INFO KANAGAWA

Makakatanggap ka ng impormasyong makakatulong sa mga dayuhan. **Kinakailangan ng pagpaparehistro nang maaga.**

Nilalaman ng email

Impormasyon tungkol sa Kanagawa Prefecture, pag-iwas sasakuna, insurance, mga kaganapan, atbp.

Wika

•Simpleng Japanese •Portuguese •English
•Chinese •Tagalog •Nepali
•Spanish •Vietnamese

Info Kanagawa >



14-4 Multicultural Coexistence

Kanagawa International Foundation

Nagsasagawa ng **ba't ibang aktibidad ng suporta para sa mga dayuhang naninirahan** sa Kanagawa Prefecture. (Halimbawa) Serbisyo ng multilingual na konsultasyon, pagpapalaganap ng impormasyon, Japanese class, atbp.

Address

Kanagawa Prefectural Citizen's Center 13F (sa loob ng Multilingual Support Center Kanagawa),
2-24-2 Tsuruya-cho, Kanagawa-ku, Yokohoma-shi, 〒221-0835

Telepono

045-620-0011

Kanagawa International Foundation >

